Pangalan: ___________________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pang-ugnay sa Pagsasalaysay**

**I. PANUTO:** Bilugan sa loob ng panaklong ang angkop na salitang pang-ugnay upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. Pangunahing dahilan kung bakit nagagawa ng tao na kumapit sa patalim ay (ayon, dahil, tungkol) sa kahirapang dinaranas.

2. Maraming sumubok na ipaglaban ang kanilang nararamdaman sa dalagang Pilipina (at, dahil, subalit) lahat ay nabigo.

3. (Kaya, Kasama, Pati) ang kaniyang kaibigan ay nawawalan na rin ng pagasang magbabago pa ang kanilang kababata dahil sa sitwasyon nito ngayon.

4. (Gaya ng dati, Sa kabilang banda, Palibhasa), may iba't ibang pananaw ang bawat bansang Mediterranean kaya kung minsan, hindi sila nagkakaunawaan.

5. (Madalas, Minsan, Parati) tayong nagpapasalamat sa Maykapal sa tuwing nakatatanggap tayo ng biyaya. Bakit sa tuwing may biyaya lang? Dapat ay araw-araw sapagkat tayo ay buhay.

**II. PANUTO:** Piliin sa loob ng kahon ang mga angkop na pang-ugnay at isulat ang mga ito sa mga patlang upang mabuo ang diwa ng talata. Isulat ang iyong sagot sa inilaang patlang bawat bilang.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| at | bagama't | dagdag pa | gaya ng | ito ay dahil | kung tutuusin | sapagkat |

Ngayong panahon ng pandemya, maraming bagay ang naapektuhan. Isa na rito ang pag-aaral ng mga mag-aaral, anumang antas ng edukasyon. 6. _______________ iba-ibang bagay ang dapat na isaalang-alang sa gitna ng sitwasyon 7. _______________ pagkakaroon ng mabilis at hindi pabugso-bugsong daloy ng internet. 8. _______________, ang sitwasyong kinahaharap na pangungulila sa nakasanayang face-to-face class ay isang mabigat na hamon din hindi lamang para sa mga mag-aaral kundi sa lahat ng nasa akademya. 9. _______________ may mga bakuna nang naipamahagi, hindi ito nangangahulugang ligtas na ang paligid sa banta ng COVID-19 10. _______________ naglipana pa rin ang hindi mapakiusapang sumunod sa mga pamantayan at regulasyon mula sa pambansa at lokal na pamahalaan. Hanggang kailan kaya ang dagok na ito?